
6

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 9: Aspekto at Pokus ng Pandiwa



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Filipino6_Module9

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 6**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan– Modyul 9: Aspekto at Pokus ng Pandiwa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Ma. Janice E. Domingo |
| **Editor:** | Gemma B. Obsiana |
| **Tagasuri:** | Catherine D. Diaz<br>Junry M. Esparar<br>Celestino S. Dalumpines IV |
| **Tagaguhit:** | Rolan B. Bulaclac |
| **Tagalapat:** | Raymund D. Magbanua<br>Glenn P. Dollete |
| **Tagapamahala:** | Ma. Gemma M. Ledesma<br>Salvador O. Ochavo, Jr.<br>Elena P. Gonzaga<br>Jerry A. Oquindo<br>Segundina F. Dollete<br>Shirlev A. De Juan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# 6

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 9:
## Aspekto at Pokus ng Pandiwa

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung simumang gagabay at tutulong sa pag-aaral at mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang salita upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ang ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na maging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumagamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makaranas ng suliranin pag-unawa sa mga aralin at sa paggamit ng SLM na ito.

# *Alamin*

**K**umusta ka na kaibigan? Isang bagong paksa na naman ang ating tatalakayin ngayon. Naaalala mo pa ba ako?  Ako ang iyong kaibigang si Kokoy na makakasama mo sa iyong paglalakbay. Binabati kita dahil natapos mo ang ikawalong modyul. Ipagpatuloy natin ang ating paglalakbay sa ikasiyam na modyul.

Nakahanda ka na ba sa panibagong paglalakbay? Sigurado akong mas magiging masaya ka dahil mag-uusap tayo patungkol sa aspekto at pokus ng pandiwa.



**T**ayo ay kumikilos. Bahagi ng ating buhay ang paggalaw, maaaring pataas, pababa, papunta o pabalik.

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang mga aspekto at pokus ng pandiwa na ginagamit natin sa ating pamumuhay sa araw-araw.

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang taglay ang kasanayang:

- nakakikilala ng mga salitang kilos/pandiwa sa ibat-ibang sitwasyon;
- nakatutukoy ng aspekto at pokus ng pandiwa; at
- nakagagamit nang wastong aspekto at pokus ng pandiwa (aktor, layon, ganapan, tagatanggap, gamit, sanhi, direksiyon) sa pakikipag-usap sa ibat- ibang sitwasyon. **(F6L-llf-j-5)**

**P**aalala lang kaibigan na bawat bahagi ng modyul na ito ay nagtataglay ng mga gawain na susubok sa iyong kakayahan. Huwag kang mag-alala dahil naririto naman ako na nakahandang gumabay sa iyo. Sundin mo lang ang aking mga panuto at gawain ang ipagagawa.  Handa ka na ba? Tayo na!

## *Subukin*

Sukatin ang iyong nalalaman sa mga salitang nagsasaad ng kilos.

A. Basahin mo nang mabuti ang bawat pangungusap at tukuyin ang mga salitang nagsasaad ng kilos na ginamit dito. Isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sasali sa paligsahan si Pepe.
2. Sumasayaw sa tuwa si Nena.
3. Marunong umawit ang anak niya.
4. Gabi-gabi ay nag-aaral si Pablo.
5. Nag-usap na ang guro at ang kaniyang ina.

B. Ibigay ang angkop na pandiwa ayon sa pokus o paksa ng pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.


1. __________(kain) ng tinapay si Pepito.

2. __________(kain) ni Anna ang mansanas na pasalubong ng kaniyang ina.

3. __________(hingi) ng tulong sa pamahalaan ang mga OFW na nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19.


4. __________(luto) ng nanay nang masarap na hapunan ang kaniyang mga anak.

5. __________(punas) mo ang basahan sa maruming sahig.





# Aralin 2 Aspekto at Pokus ng Pandiwa

Sa ating pang-araw-araw na gawain ay gumagamit tayo ng mga salitang kilos sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon at pagkakataon.



# Balikan



**K**aibigan! Bago tayo tuluyang maglayag, magbalik-tanaw ka muna kaugnay sa paksang ating pinag-aralan noong nakaraang talakayan. Naalala mo pa ba ang Pagsasabi ng Paksa/Mahalagang Pangyayari sa Binasa/Napakinggang Sanaysay at Teksto? Magaling! Halina't muli nating balikan. Ngayon, batid kong kayang-kaya mong gawin ang susunod na gawain. Gawin mo na!

**Panuto:** *Basahin ang maikling sitwasyon at gawin ito sa iyong sagutang papel.*

Inatasan ka ng iyong guro na gumawa ng patalastas tungkol sa isang produkto na iniindurso ng BFAD, batay sa sumusunod na mga impormasyon:

Ano: Sabon Kalamansi, *organic soap*
Kanino: para sa mga bata at matatanda
Para saan: pampaputi at pampakinis ng kutis
Paano gamitin: isabon sa mukha at buong katawan
Kailan gagamitin: umaga at gabi
Magkano: Sampung piso kaya presyong kayang-kaya

***Tala para sa Guro***

*Ito ay panimulang pagtatasa lamang. Maaaring itala ang iskor para mabigyang - tuon ang kahinaan ng mag-aaral.*




## *Tuklasin*

Basahin ang usapan upang malaman.

**Carlo** : Halika Ben. Tayo nang pumunta sa ilog.
**Ben** : Sa ilog ba 'kamo? Manghuhuli ba tayo ng isda?
**Carlo** : Bahala na! Basta sumama ka sa akin.
**Ben** : Sige! Pero sa isang kondisyon, hindi tayo maliligo.

***Sariling katha ni Gemma Obsiana***

Sa usapan ay gumamit ng mga pandiwa kagaya ng pumunta, manghuhuli, sumama at maliligo. Ang mga salitang nabanggit ay tinatawag na **pandiwa.**

Ang pandiwa ay bahagi ng pananalita na nagsasaad ng kilos, galaw o kondisyon. Ito ay binubuo ng salitang –ugat at panlaping makadiwa.

Pag-aralan ang tsart sa ibaba.

| Pandiwang ginamit sa diyalogo | Salitang ugat | Panlapi |
|---|---|---|
| pumunta | punta | um |
| sumama | sama | um |
| manghuhuli | huli | mang |
| maliligo | ligo | ma |

A. Pansinin mo at suriin ang pagbabago ng pandiwa (Aspekto ng Pandiwa)

| Pandiwa | Naganap | Nagaganap | Magaganap |
|---|---|---|---|
| 1. maglakad | naglakad | naglalakad | maglalakad |
| 2. magsulat | nagsulat | nagsusulat | magsusulat |
| 3. tumawa | tumawa | tumatawa | tatawa |
| 4. sumulat | sumulat | sumusulat | susulat |

B. Pansinin ang diyalogo. Tukuyin ang iba't ibang panlaping ginamit sa pagbuo ng mga pandiwa.

**Mga Gawain sa *Quarantine***

**Panganay:** Ngayong tayo ay naka-*quarantine*, dapat magtulungan tayo upang mapagaan naman ang mga gawain nina tatay at nanay.

**Tony:** Opo ate Myrna. Walang problema. Tutulong po ako.

**Bunso:** S'yempre ako rin po.

**Ana:** Ako rin naman.

**Panganay:** Salamat kung ganoon. Tony, heto ang basahan. Ipampunas mo sa sahig para kumintab.

**Tony** : Wow! Agad-agad ate?

**Bunso** : Sige na po kuya, para matapos kaagad.

**Panganay:** Oo nga. Ikaw naman bunso, walisin mo ang mga tuyong dahon sa bakuran para makapagpahinga naman ang nanay.

**Bunso** : Si ate Ana Ate, ano ang gagawin niya?

**Panganay:** Ana, igawa mo kami ng *sandwich* para ganahan sa paggawa ang dalawang ito.

**Bunso** : Nasaan po ba ang nanay at tatay ate? Kanina ko pa po sila hindi nakikita.

**Panganay:** Pinuntahan nila ang bagong bahay ng pinsan ni tatay sa kabilang baryo.

**Bunso** : Ah… kaya pala. Akala ko kung ano na ang nangyayari.

**Tony** : Naku! Si Bunso talaga. Ikinabahala kaagad ang hindi niya pagkakita kina tatay at nanay. Na-*miss* mo na sila kaagad?

**Bunso** : Medyo kuya.

**Panganay:** Oh, narito na pala ang isnak ninyo na gawa ni Ana. Salamat Ana. Maaasahan ka na talaga sa paghahanda ng makakain.

**Tony at Bunso:** Salamat po ate. (Panabay na wika ng dalawa)

**Tony** : *Yes!* Kakain na kami. (Biglang umakyat sa mesa at sumayaw)

**Bunso** : Kuya! Bakit *pinagsayawan* mo po ang mesa? Bumaba ka at baka ka mahulog! (nagtawanan na lamang ang magkakapatid)

***Sariling katha ni Gemma B. Obsiana***

Mga Tanong:

1. Ano ang pinag-uusapan ng magkakapatid?
2. Ano-anong gawain ang naisagawa nila?
3. Ano ang papel ng panganay sa akda?
4. Mahalaga baa ng pagtutulungan sa pamilya? Bakit?
5. Ano ang napansin mo sa mga pandiwang ginamit sa diyalogo?



## *Suriin*

Sa mga halimbawa sa talaan sa Tuklasin titik A, ang una at ikalawang bilang ay nagpapakita ng pagbabanghay ng pandiwa na may panlaping ***mag.***
Ang ***m*** sa panlaping ***mag*** ay nagiging ***n*** sa aspektong naganap at ito ay dinudugtungan ng salitang-ugat.

Halimbawa: maglakad - naglakat
magsulat - nagsulat





Samantala, nananatili ang panlaping **mag** na nagiging **nag** at inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat sa aspektong nagaganap.

Halimbawa:

maglakad naglakad naglalakad
magsulat nagsulat nagsusulat

Ang panlaping ***mag*** ay nananatili sa aspektong magaganap, at inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat.

Halimbawa:

| Pandiwa | Naganap | Nagaganap | Magaganap |
|---|---|---|---|
| maglakad | naglakad | naglalakad | maglalakad |
| magsulat | nagsulat | nagsusulat | magsusulat |

Ano ang ibig sabihin ng aspekto?

**Aspekto** – nagsasaad kung ang kilos ay naganap, nagaganap, at magaganap pa lamang. May tatlong aspekto ang pandiwa:

1. **Aspektong Naganap**

    Ang aspektong naganap ay nagsasaad kung ang kilos ay nasimulan o natapos na.

    Halimbawa: naglakad

2. **Aspektong Nagaganap**

    Ang aspektong nagaganap ay nagsasaad ng kilos na kasalukuyang ginagawa o nangyayari.

    Halimbawa: naglalakad

3. **Aspektong Magaganap**

    Ang aspektong magaganap ay nagsasaad ng kilos na pinaplano pa lamang o gagawin pa lamang.

    Halimbawa: maglalakad

Ang ikatlo at ikaapat na bilang naman sa talaan sa Tuklasin, titik A ay nagpapakita ng pagbabanghay ng pandiwa na may panlaping ***um.*** Sa aspektong naganap ang ***um*** ay nananatili at dinudugtungan ng salitang ugat.

Halimbawa: tumawa – tumawa
sumulat – sumulat

Sa nagaganap, nananatili pa rin ang ***um*** at inuulit ang unang pantig ng salitang ugat.

Halimbawa: tumawa – tumawa- tumatawa
sumulat – sumulat - sumusulat

Nawawala ang ***um*** sa aspektong magaganap. Inuulit na lamang ang unang pantig ng salitang ugat.

Halimbawa:

| **Pandiwa** | **Naganap** | **Nagaganap** | **Magaganap** |
|---|---|---|---|
| tumawa | tumawa | tumatawa | tatawa |
| sumulat | sumulat | sumusulat | susulat |

Maliban sa aspekto, **ang pandiwa ay may ibat' ibang pokus.**

Iba't iba ang panlaping ginamit sa pagbuo ng mga pandiwa. Sa pagbabago ng panlapi ng pandiwa, nagbabago rin ang paksa o **pokus** ng pangungusap.

Maaaring iba-iba ang pokus ng pangungusap.

Tingnan ang mga pangungusap na ginamit sa Tuklasin, diyalogo titik B. Sinalungguhitan ang pandiwa at kinahunan naman ang paksa nito.

1. **Pokus sa tagaganap o aktor**- nasa aktor ang pokus kapag ang paksa ang tagaganap ng kilos na isinasaad ng pandiwa. Ginagamitan ito ng mga panlaping **um, mag** at **maka**.

   Hal. Tutulong po ako.

   - Ang pandiwang **tutulong** ay may panlaping um. Nawawala ang um kapag nasa aspektong magaganap.

2. **Pokus sa gamit**- kung ang kagamitang ginagamit ang paksa sa pangungusap. Ang panlaping ginagamit ay **ipang**. Ang **ipang** ay nagiging **ipan** o **ipam** depende sa sinusundang titik. Ang **ipang** ay nagiging **ipan** kapag ang sinusundang titik ay nagsisimula sa **d, l, r, s** at **t**. Nagiging **ipam** kapag ang sinusundang titik ay nagsisimula sa **p** at **b**. Nanatiling **ipang** kapag ang sinusundang titik ay nagsisimula sa **g, h, k, m, n, w at y**.

   Hal. Tony, heto ang basahan. Ipampunas mo sa sahig para kumintab.

3. **Pokus sa layon o gol** kung ang layon ang paksa ng pangungusap. Gumagamit ng panlaping in/hin, an/han.

   Hal. Ikaw naman bunso, walisin mo ang mga tuyong dahon sa bakuran para makapagpahinga naman ang nanay.

4. **Pokus sa tagatanggap** kung ang pinaglalaanan o tagatanggap ng kilos ang paksa ng pangungusap. Ang panlaping ginagamit ay i at ipag.

   Hal. Ana, igawa mo kami ng *sandwich* para ganahan sa paggawa ang dalawang ito.

5. **Pokus sa direksiyon**, kung ang paksa ng pangungusap ay ang direksiyon o tinutungo ng kilos. Ang panlaping ginagamit ay in, an/han.

   Hal. Pinuntahan nila ang bagong bahay ng pinsan ni tatay sa kabilang baryo.

6. **Pokus sa sanhi –** kung ang paksa ay nagsasaad ng sanhi o dahilan. Ang panlaping ginagamit ay ika at in.

   Hal. Ikinababahala kaagad ang hindi niya pagkakita kina tatay at nanay.

7. **Pokus sa ganapan** – kung ang paksa ay ganapan o pinangyarihan ng kilos. Ginagamitan ito ng panlaping pag, in at han

   Hal. Bakit *pinagsayawan* mo po ang mesa?

## *Pagyamanin*

**Pagsasanay 1**

Tukuyin mo ang mga pandiwang ginamit sa usapan at ang aspekto ng mga ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Qm:** Ma, sasali po ako sa *Ten Outstanding Boys and Girls in Region VI.* Ako po ang pambato ng aming *school.*
**Ina:** Talaga anak? Sige, susuportahan ka namin ng papa mo. Ano ba ang maitutulong namin?
**Qm:** Malaki po mama. Siyempre, unang-una, *moral support* po ninyo.
**Ina:** *Moral support*? Aba'y kahit ano pa, suportado ka namin.(nakangiting wika ng ina.)
**Qm:** Maraming salamat po mama.
**Ina:** Ano-ano ba ang mga pamantayan sa pagpili diyan?
**Qm:** Pagtatanong po na 20%, pagsulat ng sanaysay 20%, pagiging kasapi ng samahan sa YMCA 20%, Kakayahang mamuno 20% at 20% sa mga parangal na natamo. Lahat pong iyan ay sa nakalipas na dalawang taon.
**Ina:** Ang bigat pala. Pero palagay ko naman ay may laban ka anak.
**Qm:** Sana nga po mama. Gagalingan ko rin sa pagsulat ng sanaysay para hindi masayang ang 20%.
**Ina:** Sige anak. At para maipakita talaga ang moral support naming sa iyo, sasamahan ka namin sa pagpunta ninyo sa Iloilo.
**Qm:** *Yeheey!* Iyan ang pinakagusto ko. (sabay yapos sa ina)
**Ina:** Alam na alam ko na iyan… O teka, ang niluluto ko pala. (nakatawang sabi ng ina)

*Sariling Katha ni Gemma B. Obsiana*

| Pandiwa | Aspekto |
|---|---|
| ___________________________ | _________________________ |

**Pagsasanay 2**

Piliin mo ang angkop na pandiwa sa loob ng panaklong upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Labis na (natuwa, natutuwa, matutuwa) ang mga magulang ni Gloria nang tumanggap siya ng medalya sa kaniyang pagtatapos.
2. (Uminom, Umiinom, Iinom) ng gamot si Aling Aida gabi-gabi.
3. Ang aming pamilya ay (nagbakasyon, nagbabakasyon, magbabakasyon) sa Antipolo sa susunod na Linggo.
4. Ang lalawigan ng Quezon ay (itinuring, itinuturing, ituturing) na pinakamahabang lalawigan sa PIlipinas.
5. (Umawit, Umaawit, Aawit) ang mga kinatawan ng bawat Sangguniang Kabataan sa darating na pista ng bayan.

**Pagsasanay 3**

Tukuyin mo ang paksa at kilalanin ang pokus ng pandiwa. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Halimbawa: Nagsisipilyo ang bata pagkatapos kumain.

| Paksa | Pokus ng Pandiwa |
|---|---|
| <u>ang bata</u> | <u>Pokus sa aktor o tagaganap</u> |

1. Ang basahan ay ipanlilinis ni Dan sa kanilang bahay.
2. Si Karla ay ibinili ko ng bagong *facemask.*
3. Ikanababahala ng marami ang pagdami ng kaso ng COVID-19.
4. Taos-pusong nagpapasalamat ang mga tao sa mga tulong ng gobyerno.
5. Pinuntahan nila ang mga lugar na nakasaad sa mapa.

| Paksa | Pokus ng Pandiwa |
|---|---|
| _______________________ | _________________________ |

## *Isaisip*

| ANO ANG IYONG NATUTUHAN? | GAANO ITO KAHALAGA? |
|---|---|
| | |

## *Isagawa*



Ang larawan na ito ay iginuhit ni Rolan Bulaclac

Magtala ka ng limang pandiwa na makikita sa larawan at gamitin sa pagbuo ng mga pangungusap. Salungguhitan ang mga pandiwang ginamit. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

## *Tayahin*

A. Punan ng angkop na pandiwa batay sa mga salitang-ugat ang usapan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

**Bunso :** Ate __(1)__ (sama) ka po ba kina lola?
**Ate :** Oo naman. Gusto ko ring makita ang lolo at lola.
**Bunso :** Ako rin po ate. __(2)__ (tawag) pa ang lola para masigurong matutuloy tayo.
**Ate :** __(3)__ (handa) ka na para pagdating nina itay at inay ay makaalis na tayo.
**Bunso :** __(4)__ (dala) ako ng mga makakain para hindi ako mabagot at hindi makatulog sa biyahe.
**Ate :** Wow! Gusto ko 'yan. Sige bunso damihan mo para lahat tayo ay makakain.
**Bunso :** Okay po ate. Tatawagan ko po ang inay at sasabihin kong __(5)__ (bili) siya ng mga makakain.
**Ate :** Ayon! Si inay pala ang bibili. hahaha…

***Sariling katha ni Ma. Janice E. Domingo***

B. Tukuyin ang pokus ng pandiwa batay sa paksa at pandiwang may salungguhit. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Kumakain kami ng almusal araw-araw.

   A. Pokus sa aktor
   B. Pokus sa ganapan
   C. Pokus sa layon
   D. Pokus sa sanhi

2. Kinuha ni Lucy ang tinapay sa mesa.

   A. Pokus sa aktor
   B. Pokus sa ganapan
   C. Pokus sa layon
   D. Pokus sa sanhi

3. Pinaglutuan ng nanay ang bagong kaldero.

   A. Pokus sa aktor
   B. Pokus sa ganapan
   C. Pokus sa layon
   D. Pokus sa sanhi

4. Pinasyalan ni kuya ang bagong bukas na resort.

   A. Pokus sa sanhi
   B. Pokus tagatanggap
   C. Pokus sa tagaganap
   D. Pokus sa direksiyon

5. Ikinagulat ng ina ang pagsigaw ng kaniyang anak.


   A. Pokus sa sanhi
   B. Pokus tagatanggap
   C. Pokus sa tagaganap
   D. Pokus sa direksiyon

# *Karagdagang Gawain*

Matapos mong mapag-aralan ang pandiwa at aspekto nito, subuking buuin ang crossword puzzle. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Pahalang:
1. aspektong nagaganap ng pandiwang nagalit
3. aspektong naganap ng pandiwang magdamdam

Pababa:
2. aspektong nagaganap ng pandiwang dumungaw
4. aspektong nagaganap ng pandiwang gumalaw
5. aspektong magaganap ng pandiwang magmalasakit




B. Palitan ang pokus o paksa sa bawat pangungusap. Gawing paksa ang may salungguhit na salita. Tingnan ang unang halimbawa. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Halimbawa: Nagluto ang ate para sa mag-anak.
Ipinagluto ng ate ang mag-anak.

1. Nagulat ang bata dahil sa pagkakita sa ahas.

2. Humanga ang mga bisita sa palabas.

3. Pinadalhan niya ng regalo ang kaibigan.

4. Natuwa si Hector sa pagdating ng lolo.

5. Namasyal kami sa Luneta.



**B**inabati kita kaibigan, sapagkat natapos at napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Nakatitiyak akong magagamit mo ang iyong napag-aralan sa pang – araw – araw na pamumuhay. Muli tayong magkita sa **Modyul 10: Paggamit ng Uri ng Pang-abay (Panlunan, Pamaraan, Pamanahon) sa Pakikipag-usap sa Ibat-ibang Sitwasyon.**

Sa muli, ito ang iyong kaibigang si Kokoy. Paalam!

# *Susi sa Pagwawasto*

**SUBUKIN**

A. 1. Sasali
2. sumasayaw
3. umawit
4. nag-aaral
5. nag-usap

B. 6. Kumain
7. kinain
8. humingi
9. ipinagluto
10. ipampunas

**Balikan**

posibleng sagot:

Ipinakikilala, Sabon Kalamansi organic soap. Ang sabong epektibo mapabata man o matanda. Pampaputi at pampakinis ng kutis. Maaaring gamitin sa mukha at buong katawan.

Aprubado ng BFAD. Sabon Kalamansi, ang sabon ng bayan, sa presyong sampung piso kaya kayang-kaya. Bili na!

Tuklasin

B.

1. Ang pagtutulungan sa mga gawaing-bahay.
2. Paglilinis at paghahanda ng pagkain.
3. Siya ang nagpapakilos sa iba pa niyang mga kapatid. Nagbibigay ng responsibilidad sa mga kapatid niya.
4. Opo, mahalaga ang pagtutulungan sa pamilya dahil pinagagaan at pinabibilis nito ang mga gawain.
5. May iba-ibang panlapi ang mga pandiwa. Dahil sa panlapi nababago ang kaisipan ng pangungusap.

**PAGYAMANIN**

**Pagsasanay 1**

| Pandiwa | Aspekto |
|---|---|
| sasali | magaganap |
| susuportahan | magaganap |
| maitutulong | magaganap |
| nakangiti | naganap |
| natamo | naganap |
| nakalipas | naganap |
| gagalingan | magaganap |
| sasamahan | magaganap |
| niluluto | nagaganap |
| nakatawa | naganap |

**PAGYAMANIN**

**Pagsasanay 2**

1. Natuwa
2. Umiinom
3. Magbabakasyon
4. Itinuturing
5. aawit


**PAGYAMANIN**

**Pagsasanay 3**

| | Paksa | Pokus ng Pandiwa |
|---|---|---|
| 1. | Ang basahan | – Pokus sa layon |
| 2. | Si Karla | - Pokus sa tagatanggap |
| 3. | Ang pagdami ng COVID-19 | – Pokus sa sanhi |
| 4. | Ang mga tao | - Pokus sa aktor |
| 5. | Ang mga lugar na nakasaad sa mapa | – Pokus sa direksiyon |

**Karagdagang Gawain**

A.



**Karagdagang Gawain**

B.

1. Ikinagulat ng bata ang pagkakita sa ahas.
2. Hinangaan ng mga bisita ang palabas.
3. Ipinadala niya ang regalo sa kaibigan
4. Ikinatuwa ni Hectoer ang pagdating ng Lolo.
5. Pinasyalan namin ang Luneta.

**Isaisip**

**Natutuhan ko** ang pagkilala sa mga aspekto at pokus ng pandiwa at ang gamit nito sa mga pahayag.

**Ang pokus ng pandiwa** ay ang relasyon ng pandiwa sa paksa ng pangungusap. Tulad ng pokus sa aktor, pokus sa layon, pokus sa tagatanggap, pokus sa sanhi, pokus sa gamit, pokus sa ganapan, at pokus sa direksyon. **Sinasabing kung ano ang paksa ay siyang pokus ng pandiwa**. Bawat pokus ay may tiyak na mga panlaping ginagamit. Samantala, **aspekto ang tawag sa mga kilos na naganap, nagaganap at magaganap pa**. May **tatlong aspekto ang pandiwa**. Aspektong **naganap**, tapos na ang kilos; aspektong **nagaganap**, kasalukuyang nagyayari; at aspektong **magaganap**, hindi pa nangyayari ang kilos, maaaring mamaya, bukas o sa darating na panahon. Naka-depende rin ang aspekto sa mga panlaping ginagamit at sa salitang-ugat.

**Mahalaga ang mga ito dahil** ginagamit natin ang mga pandiwa at ang aspekto at pokus nito sa pakikipag-usap natin sa iba't ibang sitwasyon. Ang paggamit natin ng iba't ibang pokus at aspekto ng pandiwa ang nakakapagpapabago ng ideya sa usapan.

**Isagawa**

(Mga Posibleng sagot)

1. Naghahabulan ang dalawang bata.
2. Ang mga bata ay naglalaro sa parke.
3. Ang batang babae ay humahawak ng lobo.
4. Tumatahol ang aso.
5. Nag-uusap ang magkaibigan.
6. Nilalaro ng bata ang aso.
7. Lumilipad ang ibon.
8. Nakaupo ang aso.
9. Nakaupo habang nag-uusap ang dalawang bata.
10. Naabutan ng batang babae ang kalaro niya.

Tayahin

A.

1. sasama
2. tumawag
3. maghanda
4. magdadala
5. bumili

B.

1. A
2. C
3. B
4. D
5. A

## *Sanggunian*


- Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6L-IIf-j-5, p.223
- K to 12 Curriculum in Filipino 2016 F6OL-IIf-j-5, p.122
- Mga Sariling Katha

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph